



**TAMANG SAGOT (TS)**  
Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0022
Title	<u><b>Coverage of OFWs for SARS-CoV-2 testing based on IATF Guidelines and Modification of Priority Groups for SAR-CoV-2 Testing Packages based on DOH Guidelines (Revision 1)</b></u>

Tanong	Sagot
1. Ano ang naging basehan ng muling pagbabago ng “priority sub-groups” para sa SARS-CoV-2 testing package?	Bilang pagtalima sa DOH DM No. 2022-0013 “Updated Guidelines on Quarantine, Isolation and Testing for COVID-19 Response and Case Management for the Omicron Variant” na nailathala noong Enero 14, 2022, binabago nito ang naunang sub-grouping na A-J base sa DOH DM 2021-0258-A at Inter-Agency Task Force (IATF) Resolution No. 168, s. 2022
2. Ano ang bagong priority groups para sa SARS-CoV-2 testing at sino-sino ang maaaring makagamit ng benepisyo ng SARS-CoV-2 testing package base sa polisiyang ito?	Ayon sa nasabing kautusan, ang bagong priority groups para sa SARS-CoV-2 testing ay ang mga sumusunod:  1. A1 -Health Workers 2. A2 -Senior Citizens 3. A3 -May comorbidities at mga high-risk sa severe disease 4. A4 - Lahat ng may sintomas ng COVID-19 maliban sa A1, A2, A3 5. A5 - Nagbabalik/returning OFWs at Filipino nationals edad 18 at pataas.
3. Kailangan ba na may sintomas ang mga priority groups sa A1 - A5 upang makagamit o maka-available ang benepisyong ito?	Ang sumusunod ay ang mga alituntunin upang makonsidera para sa benepisyong ito:  A1 – Health Workers ( <b>may sintoma o wala</b> ) A2 - Senior Citizens ( <b>may sintoma lamang</b> ) A3 - May comorbidities at mga high-risk sa severe disease ( <b>may sintoma lamang</b> ) A4 - Lahat ng may sintomas ng COVID-19 maliban sa A1, A2, A3 ( <b>may sintoma lamang</b> ) A5 – Nagbabalik/returning OFWs at Filipino nationals edad 18 at pataas ( <b>may sintoma o wala</b> )
4. Kailangan ba ng agarang SARS-CoV-2 testing para sa mga naging close contact na walang sintoma ng COVID-19?	Hindi kailangan ang agarang RT-PCR test sa mga naging close contact na wala namang sintomas ng COVID-19.  Kung kinakailangan ang testing, ito ay dapat gawin sa ika-limang araw mula sa araw na sya ay na-expose sa isang COVID-19 positive.





**TAMANG SAGOT (TS)**  
**Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular**

Circular No.	2022-0022
Title	<u><b>Coverage of OFWs for SARS-CoV-2 testing based on IAFT Guidelines and Modification of Priority Groups for SAR-CoV-2 Testing Packages based on DOH Guidelines (Revision 1)</b></u>

- |                                                 |                                                                                            |
|-------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------|
| 5. Kailan magiging epektibo ang polisiyang ito? | Ito ay magiging epektibo sa mga claims na may nakolektang specimen simula August 31, 2022. |
|-------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------|

